TOMO 9 BILANG 1 | ISSN NO. 2599-5405 | ENERO 2022

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# CARD, NAGHATID NG TULONG SA MGA NASALANTA NG BAGYONG ODETTE



*ni Jeffrey Tandingan*

*Mabilis na tumugon ang buong CARD MRI sa mga nasalanta ng Bagyong Odette upang mabigyan sila ng agarang tulong mula sa masidhing epekto ng kalamidad.*

Mas pinabilis ng CARD MRI ang pagbabayad ng *insurance claims* para sa mga apektadong miyembro ng Bagyong Odette.

Mas naging mabusisi naman ang pag-alam sa tunay na sitwasyon ng mga apektadong kliyente ng CARD MRI kaya naman ang buong grupo ay mabilis at direktang tumugon sa mga pangangailangan ng mga tinamaang pamilya.

Mula sa inisyal na ulat ng operasyon ng CARD MRI, mayroong 441,024 na miyembro ang apektado ng hagupit ng bagyong Odette. Ang CARD MBA ay nagbigay naman ng *cash assistance* sa mga na-validate na apektadong miyembro nito at kanilang mga pamilya. Noong Enero 13, 2022, ang samahan ay nakapagbigay ng kabuuang halaga na PhP 38,155,800 sa 318,022 apektadong miyembro nito.

Samantala, ang CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) at CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) ay nag-validate sa mga apektadong SAGIP Plan *policyholders*. Ang SAGIP plan ay isang *family insurance package* na sumasaklaw sa pagpanaw

2

## BAGONG ULAT

### CARD AT MORETA, NAGHATID NG DONASYON SA BIKTIMA NI ODETTE

*ni Victor Angelo Aranza*

Nakipagkaisa ang CARD MRI sa Moreta Shipping Lines upang ihatid ang 14 na kahon ng *in-kind donations* sa mga

3

## KWENTONG TAGUMPAY

### HINDI SWERTE KUNDI PAGSISIKAP

*ni Lynfa Tan*

Ang tagumpay ay parang panghuhuli ng isda. Nangangailangan ito ng oras, pagsisikap, at pasensya. Para kay Magdalena Dela Cruz, ito ang pormula patungong tagumpay. Ang isdang

3



## KWENTONG PANGKALUSUGAN

### CARD MRI, NAKIISA SA COVID-19 VACCINATION DRIVE

2

## KWENTONG PANG-EDUKASYON

### CMDI, NAG-ALOK NG PAGSASANAY TUNGKOL SA MICROFINANCE MANAGEMENT

2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **₱50.00** load via konek2CARD!

**Kailan ginanap ang National Vaccination Day?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



KWENTONG PANG-EDUKASYON

# CMDI, NAG-ALOK NG PAGSASANAY TUNGKOL SA MICROFINANCE MANAGEMENT

*ni Lynfa Tan*

Patuloy na naghahatid ang CMDI ng mahusay na pagtuturo sa pamamagitan ng modernong pamamaraan. Ngayon, tinanggap ng CMDI ang hamon na magbigay ng *capacity building programs* sa pamamagitan ng *internet.* Bukod sa mga *webinar* at *online learnings* para sa mga mag-aaral sa CMDI Bay at Tagum campus, ang CMDI ay kasalukuyan ding nag-aalok ng *self-paced training program* na pinamagatang, "Managing Microfinance Amidst Adversities," bilang pagsuporta sa misyon ng CARD MRI na mapuksa ang kahirapan. Bukod sa pagtutuon ng pansin sa mga pamamaraan upang mapanatili ang mga operasyon sa gitna ng pandemya, tatalakayin din sa pagsasanay ang mga alternatibong *delivery channel* ng CARD MRI at kung paano binigyang-prayoridad ng grupo ng mga *social development institution* ang mga pangangailangan ng mga kliyente sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mas pinagandang produkto at serbisyo. Gaganapin ang unang *batch* ng Managing Microfinance Training na may pinaghalong *online meetings* at *asynchronous learning* gamit ang *digital workspace* na Learning Management System (LMS).

# CARD, NAGHATID NG ...

dahil sa mga aksidente, at mga bahay na nasira dulot ng mga natural na sakuna. Sa kabuuan, nakapagtala ang CPMI ng 12,014 na SAGIP Plan *policyholders* na apektado ng bagyo. Lahat ng ito ay na-validate na at 10,937 sa mga ito ang nakatanggap na ng kanilang *claims payment* na nagkakahalaga ng PhP 26,817,720. Samantala, mas pinagtibay pa ng grupo ng *microinsurance* ng CARD ang 8-24 *settlement strategy* nito. Tinitiyak ng dalawang institusyon na mapo-proseso at mababayaran ang *insurance claims* ng mga kliyente nito sa loob ng walo hanggang 24 na oras pagkatapos ng kanilang kumpletong pagpapasa ng mga kinakailangang dokumento.

BAGONG ULAT

## CARD AT MORETA, NAGHATID NG...

biktima ng bagyong Odette sa Talisay City, Cebu. Sa pamamagitan nito, mabilis na naiparating ang mga donasyon sa mga komunidad na nahagupit ng bagyo.

Mula Disyembre 24-28, 2022, ang CARD MRI ay nakalikom ng mga donasyon na binubuo ng mga pangunahing pangangailangan tulad ng mga pagkain, damit, at *hygiene products.* Nakaipon din ang CARD MRI ng *cash donations* mula sa isinagawa nitong *donation drive.*

Nakaipon ng kabuuang PhP 2,452,814 mula sa mga partner na organisasyon ng CARD MRI at mga indibidwal na sumusuporta sa misyon ng organisasyon.

# CARD MRI, NAKIISA SA COVID-19 VACCINATION DRIVE

*ni Maria Czarina Sanigan*

Bilang pagsuporta sa layunin ng pamahalaan na maabot ang *herd immunity* sa bansa sa pamamagitan ng pagbabakuna, nakiisa ang CARD MRI sa naganap na National Vaccination Day noong Nobyembre 29 hanggang Disyembre 1 at 15 hanggang 17, 2021.


Ang Microfinance and Health Protection (MaHP) Unit ng CARD MRI ay nagpadala ng mga doktor at nars sa Sariaya, Quezon upang tumulong sa pag-oorganisa ng mga datos at pagsusuri sa mga indibidwal. Nakiisa rin ang CARD MRI sa *vaccination drive* ng mga LGU sa Caloocan at Padre Burgos sa Leyte, Quezon Province, Samar, at Tagum City sa Davao del Norte.

Ang CARD MRI ay tumulong din sa pangangasiwa sa pagbabakuna ng mga kawani at mga kliyente gayundin sa pagbibigay ng mga *essential hygiene and health products* para sa *frontliners* ng *municipal health office*. Sa pagkakaroon ng humigit-kumulang 8 milyong kliyente at higit sa 17,000 kawani sa buong bansa, iniuugnay rin ng CARD MRI ang mga indibidwal na gustong mabakunahan sa loob ng *network* nito sa LGU. Naniniwala si MaHP Director Dr. Roderick G. Belen na ang pakikilahok sa mga hakbangin ng lokal na pamahalaan ay makatutulong sa pagsulong ng misyon ng CARD na mapaunlad ang buhay ng mga kliyente nito.

Noong Disyembre 17, 2021, mayroon ng 15,950 o 94% ng mga kawani ng CARD MRI sa buong bansa ang nabakunahan na.

Binigyang-diin din ni CARD MRI Senior Director for Support Services Marie Sharon Roxas ang papel ng Account Officers at iba pang *operations staff* na naging *economic frontliners* sa kani-kanilang komunidad.

Ang hakbanging ito ng CARD MRI ay isinasagawa upang matiyak ang kaligtasan ng mga kawani at kliyente nito. Patuloy ring hinihikayat ng CARD MRI ang mga kawani at kliyente na gawin ang kinakailangang hakbang upang maprotektahan nila ang kanilang sarili at kanilang mga pamilya laban sa banta ng COVID-19.



*Si Ma. Angela Habana, isa sa mga benepisyaryo ng Zero Dropout Program ng CARD MRI, kasama ang kaniyang inang si Maria ay patuloy na umaasa sa isang magandang kinabukasan sa tulong ng edukasyon.*

**KWENTONG PANG-EDUKASYON**

# PATULOY ANG PANGARAP, PATULOY SA PAGKATUTO

***ni Lynfa Tan***

Sa kasalukuyan, walang duda na ang pandemya ay lubhang nakaapekto sa edukasyon ng mga kabataang Pilipino. Isang malaking dagok ang kakulangan ng akses sa mga materyales sa pag-aaral. Isa si Maria Lina Habana sa mga magulang na naghahanap ng paraan upang patuloy na maabot ng kanilang mga anak ang kanilang pangarap.

Si Maria ay isang ina sa limang anak, isa rito ay si Ma. Angela na nasa ika-pitong baitang na nag-aaral sa Bula National High School sa Camarines Sur. Isang bagay na magpapasaya kay Maria ay ang masaksihan si Ma. Angela na makamit ang kaniyang pangarap na maging isang guro.

Sa tiyaga at husay ni Ma. Angela sa pag-aaral, parati siyang nakatatanggap ng karangalan noong siya'y nasa elementarya. Ang potensyal ni Angela ay naging inspirasyon ng mag-asawang Habana na magsumikap upang suportahan ang pangarap ng kanilang mga anak.

Si Maria ay nagbebenta ng gulay at iba pang paninda, habang ang kanyang asawa naman ay nagtatrabaho sa *vulcanizing shop* sa Maynila.

Ngunit sa kaliwa't kanang malaking gastusin sa pag-aaral ng kanilang mga anak kinailangan ni Maria ang suporta ng CARD Bank para sa pampinansyal nilang pangangailangan.

Sa 12 taong pagiging kliyente niya ng CARD Bank, ilang beses na siyang nakapag-avail ng Zero Dropout Program ng CARD para sa pag-aaral ni Ma. Angela.

Ang Zero Dropout Program ay isang *educational loan* ng CARD MRI na sumusuporta sa edukasyon ng mga anak o kamag-anak ng mga kliyente ng CARD na mag-aaral sa elementarya at hayskul.

4



*Si Magdalena Dela Cruz ay nananatiling puno ng pag-asa sa suportang hatid ng CARD Bank sa kanyang lumalagong negosyong pag-iisda.*

**KWENTONG TAGUMPAY**

## HINDI SWERTE KUNDI...

1

lapu-lapu ay itinuturing na suwerte kapag inihain sa mesa.m Gayunpaman, naniniwala si Magdalena, isang suplayer ng isda sa Alaminos City, Pangasinan, na upang magtagumpay ay kailangan ng tiyaga at determinasyon.

Nagsimulang magbenta ng sariwang isda si Magdalena noong kabataan pa lamang niya. Dito na rin niya nakilala ang kanyang asawa na isang mangingisda at ipinagpatuloy nila ang pagbebenta nito. Nakahanap rin ang mag-asawa ng kustomer sa Maynila na nagluluwas ng sariwang lapu-lapu sa Hongkong.

Naging malaking oportunidad ito para sa kanilang pamilya lalo na ngayong ang demand ng sariwang lapu-lapu at ibang isda ay mas mataas sa mga karatig bansa.

Kinailangan ng tulong ng pamilya Dela Cruz ang serbisyo ng CARD Bank para sa kanilang pangangailangang kapital sa kanilang negosyo. Katuwang na nila ang CARD Bank sa loob ng 14 na taon, isang bagay na lagi niyang ipinagpapasalamat, lalo na nang tumama ang COVID-19 sa Pilipinas. Isang malaking hamon ang pandemya na lubhang nakaapekto sa kanilang pagba-byahe ng isda sa mga mangangalakal.

Nagdulot ito ng suliranin sa pagbabayad para sa kanilang lingguhang mga bayarin. Sa kabutihang palad, malaki ang naitulong ng pagdedeklara ng *moratorium* ng CARD Bank sa kanilang mga pautang sa muling pagbangon mula sa masidhing epekto ng pandemya. Para kay Magdalena, nabigyan sila ng isa pang pagkakataon na buhayin ang kanilang negosyo at makayanan ang epekto ng pandemya.

Alam niyang hangga't ang CARD Bank ay nananatiling sandigan ng

4

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Maria Czarina D. Sanigan
Victor Angelo U. Aranza
Lynfa A. Tan
Writers

# CARD LFC, NASUNGKIT ANG IKA-14 NA PWESTO SA PFA FINANCIAL SURVEY

***ni Victor Angelo Aranza***

Mula sa 49 na kompanyang kalahok, nasungkit ng CARD Leasing and Finance Corporation (CARD LFC) ang ika-14 na pwesto na may pinakamataas na *net income after-tax* at ang ika-22 puwesto na may pinakamataas na kabuuang kita batay sa Philippine Finance Association (PFA) Survey on Financial Performance na isinagawa noong nakaraang taon.

Ang PFA, na itinatag noong 1962 na binubuo ng *finance* at *leasing companies* sa bansa, ay nakatuon sa pagbuo ng mga makabagong produkto at serbisyo para sa kapakinabangan ng bansa.

Malaki naman ang pasasalamat ng CARD LFC sa pagkilalang ito dahil pinatutunayan nito ang kalidad ng kanilang produkto at serbisyo. Sa pagtatapos ng taong 2021, ang CARD LFC ay may higit na 6,500 kliyente, mas doble kumpara sa nakaraang taon.

Ang pagtaas at mahusay ng pagganap ng CARD LFC ay maaaring dulot din ng paggamit ng makabagong teknolohiya nito. Isa na rito ang kanilang *online loan application* sa pamamagitan ng Facebook. Sa tulong ng kanilang *chatbot*, maaaring magpadala ng mensahe ang mga interesadong aplikante sa kanilang opisyal na Facebook page kung saan maaari silang mag-aplay ng *loan*.

## PATULOY ANG PANGARAP... 3

Ang tulong pinansyal na natanggap ng mga Habana para sa pag-aaral ni Ma. Angela ay nagpawi sa pagkabahala ni Maria sa pag-aaral ng kaniyang mga anak, lalo na ngayong ang pandemya ay nakaapekto sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas.

## HINDI SWERTE KUNDI... 3

kanilang negosyo, palagi siyang makababangon sa anumang unos na maaaring dumating.

Ayon kay Magdalena, "Ang tagumpay ay hindi nagmumula sa swerte kundi mula sa pagsusumikap at pagkakaroon ng pag-asa anuman ang mangyari."



# RECALIBRATING FINANCIAL INCLUSION IN AN EVOLVING LANDSCAPE

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus

January ended on a positive note, with the launching by the Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) of the National Strategy for Financial Inclusion (NSFI) 2022-2028. The BSP has championed inclusive finance since 2015, and the updating of the NSFI is a laudable move amidst the evolving financial landscape shaped by emerging consumer needs, rapid technological developments, and the COVID-19 pandemic.

About 7 out of 10 Filipinos are financially excluded, according to the BSP. This is based on the share of adult population who owns an account that can be used to store, send, and receive funds. Data show that financial exclusion disproportionately affects millions of Filipinos in the lower income class and those who are unemployed, less educated, and belonging to the younger generation. Senior citizens, migrant workers, persons with disabilities, indigenous peoples, forcibly displaced persons, and those who are excluded due to their religious beliefs are also underserved and unserved. Apart from them, many in the agriculture, micro, small and medium enterprises (MSMEs) and startup sectors, as well as informal workers are also financially excluded.

But things are improving. BSP said that over half (53%) of adult Filipinos had savings in 2019, an increase from 48% in 2017. Informal ways of saving remain prevalent among adults who save money, with nearly half (51%) of savers keeping their savings at home. Further inroads made toward inclusive finance will be captured by the Financial Inclusion Survey (FIS) that BSP will conduct from January through March 2022. The FIS results will be released in July, and hopefully, will identify gaps and priorities leading to more evidence-based policies toward inclusive finance. Meanwhile, the adoption of the new NFIS is a step in the right direction.

***To read more, visit https://www.cardmri.com/?p=4367***